

Libreng Konsultasyon pambatas para sa mga Dayuhang Residente

1. Petsa at Oras: Disyembre 7, 2026 (Lunes) 1:00 PM - 4:15 PM(45 minutos bawat tao)
*Kailangan ang reserbasyon (Tingnan ang item 8 para sa impormasyon sa pakikipag-ugnayan)

2. Lokasyon: Chiba Prefectural International Exchange Center
1-3 Nakase, Mihama-ku, Chiba City, Chiba Prefecture Makuhari Techno Garden, Building D, ika-14 na Palapag (5 minutong lakad mula sa JR Kaihin Makuhari Station)

3. Target na mga dayuhan:

*Maaari ring kumonsulta ang mga walang visa kaya huwag mag-atubiling pumunta.

4. Bayad: Libre

5. Mga Paksa ng Konsultasyon: Mga pangkalahatang bagay na may kinalaman sa karapatang pantao ng mga dayuhan.

Mga Halimbawa: Katayuan sa paninirahan (overstaying, atbp.), mga isyu sa mag-asawa (kasal, diborsyo, domestic violence, pagtataksil, kustodiya ng bata, atbp.), tungkol sa trabaho, aksidente, at iba pa.

6. Mga Interpreter na Ihahanda (Plano): Isang bihasang interpreter ang magagamit para sa bawat isa sa mga sumusunod na wika: Ingles, Chinese, Tagalog, Espanyol,atVietnamese.

Maaari ring gumamit ng interpretasyon sa pamamagitan ng paggamit ng tablet computer para sa iba pang mga wika.

7. Mga Kahilingan: (1) Mangyaring magdala ng anumang mga kaugnay na dokumento o tala na nagdedetalye sa mga katotohanan ng iyong kaso.

(2) Kung kailangan mo ng interpretasyon sa ibang wika maliban sa mga nakalista sa ilalim ng "Mga Interpreter na Magagamit" (tingnan ang 6.), mangyaring magdala ng isang taong marunong magsalita ng Hapon.Kung hindi ka makapagsasama ng isang taong marunong magsalita ng Hapon, mangyaring kumunsulta sa amin sa araw ng iyong pagpapareserba.

8. Para sa mga reserbasyon at iba pang mga katanungan:

Chiba International Exchange Center TEL: 043-297-2966

Maaari ka ring magpareserba gamit ang QR code sa kanan.

Mga Tagapag-organisa:

Chiba Bar Association, Chiba International Convention Bureau, Chiba International Exchange Center